

Ito ay isang paunawa galing sa Kapulisan ng Aichi Prefecture

Sa Aichi Prefecture, upang mapigilan ang mga aksidente sa trapiko na nauugnay sa mga bisikleta, ang "Ordinansa sa Pagsulong ng Ligtas at Wastong Paggamit ng Mga Bisikleta" ay naisabatas noong Marso ika-3, taon ng Reiwa.



Sa Aichi Prefecture, mula Oktubre 1, 2021, pagsisikapan na gawin ang pagsuot ng helmet kapag gumagamit ng bisikleta, at kinakailangan na kumuha ng insurance sa bisikleta.

Mapa-bata man o matanda ay kinakailangan na mag-suot ng helmet.

Subukang magsuot ng helmet kapag nakasakay sa bisikleta. Humigit-kumulang na 70% na ang mga nasawi sa aksidente sa bisikleta at nagdudulot ng nakamamatay na pinsala sa ulo. Sa pag-gamit ng helmet sa tamang paraan, mapo-protektahan nito ang ating buhay.



Kumuha ng insurance sa bisikleta.


Ang mga gumagamit ng bisikleta ay obligadong kumuha ng bicycle liability insurance. Mayroong mga kaso ng mataas na halaga ang kabayaran kung saan ang isang gumagamit ng bisikleta ay siyang gumawa ng isang aksidente sa trapiko, kaya siguraduhing kumuha ng insurance para sa gantong pangyayari.



Ano ang dapat kong ika-ingat tungkol sa pagsakay sa bisikleta?



Bilang isang pangkalahatang panuntunan, ang mga bisikleta ay dapat magmaneho sa kalsada. Ang mga bisikleta ay maaari lamang maglakbay sa sidewalk sa mga exceptional na pangyayari.




Ang mga pedestrians ay ang may priyoridad na gumamit/lumakad sa sidewalk. Sa oras na nasa sidewalk habang nakasakay ng bisikleta, mangyaring mas pumaroon sa gilid ng kalsada.



Sa oras na nakasakay ng bisikleta at kayo ay nasa kalsada, mangyaring pumaroon sa kaliwang bahagi nito.



Sa lugar na mayroon na stop sign, palaging huminto at siguraduhin ang kaligtasan.



Sa lugar na may interseksyon, mangyaring sundin ang traffic light.



Sa tuwing sasakay ng bisikleta sa gabi, mangyaring gamitin ang ilaw nito.



Iwasan ang pag-sakay sa bisikleta ng naka-inom ng alak.



Iwasan ang pag-sakay sa bisikleta na may angkas.



Iwasan ang pag-takbo habang hila-hila ang bisikleta.